# Medicare

## Ano ang nasa loob


Medicare 1

Ano ang Medicare? 1

Sino ang maaaring makatanggap ng Medicare? 2

Tulong para sa ilang tao na maliit ang kita 5

Pag-sign up para sa Medicare 6

Mga opsyon para sa pagtanggap ng mga serbisyong pangkalusugan 8

Kung mayroon kang iba pang insurance sa kalusugan 9

Pakikipag-ugnayan sa Social Security 10


## Medicare

Ang libretong ito ay naglalaman ng pangunahing impormasyon tungkol sa kung ano ang Medicare, ano ang saklaw, at ilan sa mga opsyong mayroon ka para sa pagpili ng saklaw sa Medicare. Para sa pinakabagong impormasyon tungkol sa Medicare, bisitahin ang website o tumawag sa toll-free na numerong nakalista sa ibaba.

| | |
|---|---|
| **Medicare** | Website: ***www.Medicare.gov***<br>Toll-free na numero:<br>**1-800-MEDICARE**<br>**(1-800-633-4227)**<br>TTY na numero: **1-877-486-2048** |

## Ano ang Medicare?

Ang Medicare ay ang programa ng insurance sa kalusugan ng ating bansa para sa mga may edad na 65 pataas. Ang mga wala pang edad na 65 na may ilang partikular na kapansanan, o permanenteng pagpalya ng bato, o amyotrophic lateral sclerosis (Lou Gehrig's disease), ay maaari ding maging kwalipikado para sa Medicare. Tumutulong ang programa sa pagsalo ng bayarin sa pangangalagang pangkalusugan, ngunit hindi nito saklaw ang lahat ng bayaring medikal o ang bayarin sa karamihan ng pangmatagalang pangangalaga. Mayroon kang mga opsyon para sa kung paano ka magkakaroon ng saklaw ng Medicare. Kung pipiliin mong magkaroon ng orihinal na saklaw ng Medicare, maaari kang bumili ng supplement

policy ng Medicare (tinatawag na Medigap) mula sa isang pribadong kumpanya ng insurance para sa ilang bayarin na hindi saklaw ng Medicare.

Saklaw ng isang bahagi ng mga buwis sa suweldo na binayabayaran ng mga empleyado at ng kanilang mga employer ang karamihan sa mga gastos sa Medicare. Ang mga buwanang premium, na karaniwang ibinabawas mula sa mga Social Security check, ay sumasaklaw din sa isang bahagi ng mga bayarin.

Ang Centers for Medicare & Medicaid Services ay ang ahensyang may hawak sa programa ng Medicare. Ngunit mag-a-apply ka para sa Medicare sa Social Security, at mabibigyan ka namin ng pangkalahatang impormasyon tungkol sa programa ng Medicare.

### May apat na bahagi ang Medicare

- Ang Bahagi A ng Medicare (insurance sa ospital) ay tumutulong sa pagbabayad ng pangangalaga sa inpatient care sa isang ospital o pasilidad ng skilled nursing (kasunod ng papapaospital). Nagbabayad din ang Bahagi A para sa ilang pangangalagang pangkalusugan sa bahay, at pangangalaga sa hospisyo.
- Ang Bahagi B ng Medicare (medikal na insurance) ay tumutulong sa pagbabayad ng mga serbisyo mula sa mga doktor at iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan, pangangalaga sa outpatient, pangangalagang pangkalusugan sa bahay, matibay na kagamitang medikal, at ilang pamigil na serbisyo.
- Taglay ng Bahagi C ng Medicare (Medicare Advantage) ang lahat ng benepisyo at serbisyong saklaw ng Bahagi A at Bahagi B. Kasama sa ilang plano ang saklaw sa inireresetang gamot ng Medicare (Bahagi D ng Medicare) at iba pang karagdagang benepisyo at serbisyo.
- Ang Bahagi D ng Medicare Part D (saklaw sa inireresetang gamot ng Medicare) ay tumutulong sa pagbabayad ng mga bayarin sa mga inireresetang gamot.

Maaari kang makakuha ng mga karagdagang detalye tungkol sa kung ano ang saklaw ng Medicare mula sa *Medicare & You* (Publication No. CMS-10050). Upang makakuha ng kopya, tawagan ang toll-free na numero o pumunta sa website ng Medicare ang, ***www.Medicare.gov***.

### Kaunting impormasyon tungkol sa Medicaid

Maaaring isipin mong magkapareho lang ang Medicaid at Medicare, ngunit dalawang magkaibang programa ang mga ito. Ang Medicaid ay isang programang pinatatakbo ng estado na nagbibigay ng saklaw sa ospital at medikal na saklaw para sa mga taong maliit ang kita. Ang bawat estado ay may sariling regulasyon hinggil sa kung sino ang kwalipikado, at kung ano ang saklaw ng Medicaid. Ang ilang tao ay kwalipikado para sa parehong Medicare at Medicaid. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa programa ng Medicaid, makipag-ugnayan sa iyong lokal na ahensya ng tulong medikal o tanggapan ng social services.

## Sino ang maaaring makatanggap ng Medicare?

### Bahagi A ng Medicare (insurance sa ospital)

Ang mga may edad na 65 pataas, na mga mamamayan o permanenteng residente ng United States, ay kwalipikado para sa Bahagi A ng Medicare. Kwalipikado ka para sa Bahagi A sa edad na 65 nang walang bayad kung:

- Nakakatanggap o kwalipikado kang makatanggap ng mga benepisyo ng Social Security; o
- Nakakatanggap o kwalipikado kang makatanggap ng Mga Benepisyo ng Railroad Retirement; o
- Ang iyong asawa (buhay o pumanaw na, kasama ang mga dibursyadong mag-asawa) ay nakakatanggap o kwalipikadong makatanggap ng Mga Benepisyo ng Social Security o Railroad Retirement; o

- Nagkaroon ka o ang iyong asawa ng sapat na tagal ng pagtatrabaho sa pamahalaan kung saan nagbayad kayo ng mga buwis para sa Medicare; o
- Ikaw ang umaasang magulang ng isang pumanaw na batang may kumpletong insurance.

Kung hindi mo nasasapatan ang mga kinakailangang ito, maaari kang magkaroon ng Bahagi A ng Medicare sa pamamagitan ng pagbabayad ng buwanang premium. Kadalasan, mabibili mo lang ang saklaw na ito sa loob ng mga nakatakdang panahon ng pagpapatala.

***TANDAAN:*** *Kahit hindi na 65 ang ganap na edad ng pagreretiro ng Social Security, dapat kang mag-sign up para sa Medicare tatlong buwan bago ang iyong ika-65 kaarawan. Maaari kang mag-apply sa aming website sa* ***www.socialsecurity.gov****.*

Bago sumapit ang edad na 65, kwalipikado ka para sa Bahagi A ng Medicare nang walang bayad kung:

- 24 na buwan ka nang nakakatanggap ng mga benepisyo sa kapansanan ng Social Security; o
- Nakakatanggap ka ng pensyon sa kapansanan mula sa Railroad Retirement Board at nasasapatan mo ang ilang partikular na kundisyon; o
- Nakakatanggap ka ng mga benepisyo sa kapansanan ng Social Security dahil mayroon kang Lou Gehrig's disease (amyotrophic lateral sclerosis); o
- Nagkaroon ka ng sapat na tagal ng pagtatrabaho sa pamahalaan kung saan nagbayad ka ng mga buwis para sa Medicare, at nasapatan mo ang mga kinakailangan ng programa sa kapansanan ng Social Security sa loob ng 24 na buwan; o
- Ikaw ang anak o naulila na may edad na 50 pataas, kasama na ang isang dibusyadong naulila, ng isang empleyadong nagkaroon ng sapat na tagal ng pagtatrabaho sa pamahalaan sa Social Security o nang may saklaw ng Medicare, at nasasapatan mo ang mga kinakailangan ng programa sa kapansanan ng Social Security; o
- Mayroon kang permanenteng pagpalya ng bato, at sumailalim ka sa maintenance dialysis o transplant ng bato at
  - —Kwalipikado ka para sa, o nakakatanggap ka ng mga buwanang benepisyo sa ilalim ng Social Security o ng railroad retirement system; o
  - —Nagkaroon ka ng sapat na tagal ng pagtatrabaho sa pamahalaan nang may saklaw ng Medicare; o
  - —Ikaw ang anak o asawa (kasama na ang dibursyadong asawa) ng isang empleyado (buhay o pumanaw na) ay nagkaroon ng sapat na tagal ng pagtatrabaho sa pamahalaan sa Social Security o nang may saklaw ng Medicare.

### Bahagi B ng Medicare (medikal na insurance)

Ang sinumang kwalipikado para sa Bahagi A ng Medicare nang walang bayad ay maaaring magpatala sa Bahagi B ng Medicare sa pamamagitan ng pagbabayad ng buwanang premium. Ang mga taong may mas malalaking kita ay magbabayad ng mas malaking buwanang premium sa Bahagi B. Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang *Mga Premium sa Medicare: Mga Regulasyon para sa Mga Benepisyaryong Mas Malalaki ang Kita* (Publication No. 05-10536), o pumunta sa ***www.socialsecurity.gov/benefits/medicare/mediinfo.html***.

Kung hindi ka kwalipikado para sa Bahagi A nang walang bayad, maaari mong bilhin ang Bahagi B, nang hindi kinakailangang bilhin ang Bahagi A, kung may edad ka na 65 pataas at ikaw ay:

- Isang mamamayan ng U.S.; o
- Isang legal na pinapasok na taong hindi mamamayan, na nakatira na sa United States nang hindi bababa sa limang taon.

Maaari ka lang mag-sign up para sa Bahagi B sa loob ng mga nakatakdang panahon ng pagpapatala. Kung hindi na magpapatala sa Bahagi B sa unang pagkakataon na maging kwalipikado ka para dito, maaaring kailanganin mong magbayad ng multa sa nahuling pagpapatala hangga't mayroon kang saklaw ng Bahagi B. Basahin ang Pag-sign up para sa Medicare sa pahina 6.

### Bahagi C ng Medicare (mga plano ng Medicare Advantage)

Kung direkta mong natatanggap ang iyong mga benepisyo sa Bahagi A at Bahagi B mula sa pamahalaan, mayroon kang orihinal na Medicare. Kung natatanggap mo ang iyong mga benepisyo mula sa isang organisasyon ng Medicare Advantage o iba pang pribadong kumpanyang inaprubahan ng Medicare, mayroon kang plano ng Medicare Advantage. Ang marami sa mga planong ito ay nagbibigay ng dagdag na saklaw at maaaring makapagpababa ng iyong mga gastos mula sa sariling bulsa.

Kung mayroon kang Bahagi A at B ng Medicare, maaari kang sumali sa isang plano ng Medicare Advantage. Kapag mayroon ka ng mga planong ito, hindi ka maaaring magkaroon ng Medigap policy, dahil saklaw ng mga plano ng Medicare Advantage ang marami sa mga benepisyo na saklaw din ng isang Medigap policy. Kasama rito ang mga benepisyong gaya ng mga karagdagang araw sa ospital pagkatapos mong magamit ang mga araw na saklaw ng Medicare.

Kasama sa mga plano ng Medicare Advantage ang:

- Mga plano ng pangangalaga sa pakikipagtulungan sa Medicare;
- Mga plano ng preferred provider organization ng Medicare;
- Mga pribadong fee-for-service na plano ng Medicare; at
- Mga espesyal na plano ng Medicare.

Kung magpasya kang sumali sa isang plano ng Medicare Advantage, maaari mong gamitin ang health card na nakuha mo mula sa iyong provider ng plano ng Medicare Advantage para sa iyong planong pangkalusugan. Maaari mo ring kailanganing magbayad ng buwanang premium para sa iyong plano ng Medicare Advantage dahil sa mga karagdagang benepisyong hatid nito.

Maaari kang magpatala sa isang plano ng Medicare Advantage sa loob ng iyong unang panahon ng pagpapatala (gaya ng ipinapaliwanag sa ilalim ng Pag-sign up para sa Medicare sa pahina 6), ang unang pagkakataon na naging kwalipikado ka para sa Medicare. Maaari ka ring magpatala sa loob ng taunang bukas na panahon ng pagpapatala ng Medicare mula Oktubre 15 – Disyembre 7 kada taon. Ang petsa ng pagkakaroon ng bisa para sa pagpapatala ay Enero 1 ng susunod na taon. Mayroon ding mga espesyal na panahon ng pagpapatala para sa ilang sitwasyon.

### Bahagi D ng Medicare (saklaw sa inireresetang gamot ng Medicare)

Ang sinumang mayroong Bahagi A o Bahagi B ng Medicare ay kwalipikado para sa Bahagi D (saklaw sa inireresetang gamot ng Medicare). Available ang mga benepisyo ng Bahagi D bilang stand-alone na plano o naka-built in sa Medicare Advantage. Pareho lang ang mga benepisyo sa gamot para sa parehong plano. Boluntaryo ang pagsali sa isang plano ng inireresetang gamot ng Medicare, at magbabayad ka ng dagdag na buwanang premium para sa saklaw. Ang ilang benepisyaryong may mas malalaking kita ay magbabayad ng mas malaking buwanang premium sa Bahagi D. Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang *Mga Premium sa Medicare: Mga Regulasyon para sa Mga Benepisyaryong May Mas Malalaking Kita* (Publication No. 05-10536), o pumunta sa ***www.socialsecurity.gov/benefits/medicare/mediinfo.html***.

Kung hindi ka magpapatala sa isang plano ng gamot ng Medicare sa unang pagkakataon na maging kwalipikado ka, maaari kang magbayad ng multa sa nahuling pagpapatala kung sasali ka sa isang plano sa ibang pagkakataon. Kakailanganin mong bayaran ang multang ito hangga't mayroon kang saklaw ng inireresetang gamot ng Medicare. Gayunpaman, hindi ka magbabayad ng multa kung mayroon kang *Dagdag na Tulong* (tingnan ang nasa ibaba), o iba pang nake-credit na plano ng inireresetang gamot. Upang maging nake-credit, ang saklaw ay dapat magbayad, sa average, ng hindi bababa sa doble ng karaniwang saklaw sa inireresetang gamot ng Medicare.

Maaari kang magpatala sa loob ng iyong unang panahon ng pagpapatala (gaya ng ipinapaliwanag sa ilalim ng Pag-sign up para sa Medicare sa pahina 6), ang unang pagkakataon na maging kwalipikado para sa Medicare. Maaari ka ring magpatala sa loob ng taunang bukas na panahon ng pagpapatala ng Medicare mula Oktubre 15 – Disyembre 7 kada taon. Ang petsa ng pagkakaroon ng bisa para sa pagpapatala ay Enero 1 ng susunod na taon. Mayroon ding mga espesyal na panahon ng pagpapatala para sa ilang sitwasyon.

## Tulong para sa ilang tao na maliit ang kita

Kung hindi mo kayang bayaran ang iyong mga premium sa Medicare at iba pang bayaring medikal, maaari kang makakuha ng tulong mula sa iyong estado. Ang mga estado ay nag-aalok ng mga programa para sa mga taong kwalipikado sa Medicare na may maliit na kita. Ang ilang programa ay maaaring magbayad ng mga premium ng Medicare at ang ilan ay nagbabayad ng mga nababawas at coinsurance sa Medicare. Upang maging kwapipikado, dapat ay mayroon kang Bahagi A ng Medicare at mga limitadong kita at mapagkukunan.

Maaari kang mag-online upang makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga programang ito mula sa website ng Centers for Medicare & Medicaid Services. Pumunta sa ***www.Medicare.gov*** at hanapin ang tab na pinamagatang, "Iyong Mga Bayarin sa Medicare" at hanapin ang "Humingi ng tulong sa pagbabayad ng mga bayarin." Maaari ka ring pumunta sa ***www.Medicare.gov/publications*** upang basahin ang *Humingi ng Tulong sa Iyong Mga Bayarin sa Medicare: Pagsisimula* (Publication No. CMS-10126).

Ang estado mo lang ang makakapagpasya kung kwalipikado kang makatanggap ng tulong sa ilalim ng mga programang ito. Upang malaman, makipag-ugnayan sa iyong pang-estado o lokal na ahensya ng medikal na tulong (Medicaid), social services, o welfare office.

Maaari ka ring makakita ng *Extra Help (Dagdag na Tulong)* para sa pagbabayad ng mga taunang nababawas, buwanang premium, at co-payment sa reseta na nauugnay sa programa ng inireresetang gamot ng Medicare (Bahagi D). Maaari kang maging kwalipikado para sa *Extra Help (Dagdag na Tulong)* kung mayroon kang limitadong kita (nakatali sa antas ng pederal na kahirapan) at limitadong mapagkukunan. Ang mga limitasyong ito sa kita at mapagkukunan ay karaniwang nagbabago kada taon, at maaari kang makipag-ugnayan sa amin para sa mga kasalukuyang numero.

Awtomatiko kang magiging kwalipikado, at hindi mo kailangang mag-apply para sa *Extra Help (Dagdag na Tulong)* kung mayroon kang Medicare at nasasapatan mo ang isa sa mga sumusunod na kundisyon:

- Mayroong kumpletong saklaw ng Medicaid;
- Mayroong Supplemental Security Income (SSI); o
- Sumali sa isang programa ng estado na nagbabayad ng iyong mga premium sa Medicare.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa paghingi ng tulong sa iyong mga bayarin sa inireresetang gamot, tumawag sa toll-free na

numero ng Social Security o pumunta sa aming website. Maaari ka ring mag-apply online sa ***www.socialsecurity.gov/extrahelp***.

## Pag-sign up para sa Medicare

### Kailan ako dapat mag-apply?

Kung nakakatanggap ka na ng mga benepisyo ng Social Security, o mga tseke mula sa railroad retirement, padadalhan ka namin ng impormasyon ilang buwan bago ka maging kwalipikado para sa Medicare. Kung nakatira ka sa isa sa 50 estado, Washington, D.C., Northern Mariana Islands, Guam, American Samoa, o U.S. Virgin Islands, awtomatiko ka naming itatala sa Bahagi A at B ng Medicare. Gayunpaman, dahil dapat kang magbayad ng premium para sa saklaw ng Bahagi B, maaari mo itong tanggihan.

***TANDAAN:*** *Ang mga residente ng Puerto Rico o ibang bansa ay hindi awtomatikong makakatanggap ng Bahagi B. Dapat nilang piliing matanggap ang benepisyong ito.*

Kung hindi ka pa kasalukuyang nakakatanggap ng mga benepisyo, dapat kang makipag-ugnayan sa Social Security humigit-kumulang tatlong buwan bago ang iyong ika-65 kaarawan upang mag-sign up para sa Medicare. Maaari kang mag-sign up para sa Medicare kahit na hindi mo pinaplanong magretiro sa edad na 65.

Pagkatapos mong magpatala sa Medicare, makakatanggap ka ng pula, puti, at asul na Medicare card na nagpapakita kung mayroon kang Bahagi A, Bahagi B o pareho. Itago ang iyong card sa ligtas na lugar, upang makuha mo ito kapag kailangan mo ito. Kung nawala o nanakaw ang iyong card, maaari kang mag-apply para sa pamalit na card online sa pamamagitan ng pag-set up ng *my* Social Security account sa ***www.socialsecurity.gov/myaccount***, o pagtawag sa toll-free na numero ng Social Security. Makakatanggap ka rin ng *Medicare & You* handbook (Publication No. CMS-10050) na naglalarawan ng iyong mga benepisyo sa Medicare at opsyon sa plano.

### Iba pang sitwasyon ng pagpapatala

Dapat ka ring makipag-ugnayan sa Social Security tungkol sa pag-apply para sa Medicare kung:

- Isa kang naulilang may-kapansanan na nasa pagitan ng edad na 50 at edad na 65, ngunit hindi ka pa nag-a-apply para sa mga benepisyo sa kapansanan dahil nakakatanggap ka na ng ibang uri ng benepisyo ng Social Security;
- Isa kang empleyado ng pamahalaan at nagkaroon ka ng kapansanan bago sumapit ang edad na 65;
- Ikaw, ang iyong asawa, o ang iyong umaasang anak ay mayroong permanenteng pagpalya ng bato;
- Dati kang mayroong Bahagi B ng Medicare, ngunit itinigil mo ang saklaw;
- Tinanggihan mo ang Bahagi B ng Medicare noong una mong nakuha ang Bahagi A; o
- Nagtrabaho ka o ang iyong asawa para sa industriya ng riles.

### Unang panahon ng pagpapatala para sa Bahagi B

Kapag naging kwalipikado ka para sa Bahagi A ng Medicare sa unang pagkakataon, mayroon kang pitong buwang palugit (ang iyong unang panahon ng pagpapatala) upang mag-sign up para sa Bahagi B. Kung kwalipikado ka sa edad na 65, magsisimula ang iyong unang panahon ng pagpapatala tatlong buwan bago ang iyong ika-65 kaarawan, kasama ang buwan kung kailan ka magiging 65, at matatapos ito tatlong buwan pagkatapos ng iyong kaarawan. Kung kwalipikado ka para sa Medicare batay sa kapansanan o permanenteng pagpalya ng bato, magdedepende ang iyong unang panahon ng pagpapatala sa petsa kung kailan nagsimula ang iyong kapansanan o paggamot.

***TANDAAN:*** *Kung hindi na magpapatala sa Bahagi B sa unang pagkakataon na maging kwalipikado ka para dito, maaaring kailanganin mong magbayad ng multa sa*

*nahuling pagpapatala hangga't mayroon kang saklaw ng Bahagi B. Dagdag pa rito, maaaring kailanganin mong maghintay bago magpatala, na makakaantala sa saklaw na ito.*

### Kailan magkakaroon ng bisa ang aking pagpapatala sa Bahagi B?

Kung tatanggapin mo ang awtomatikong pagpapatala sa Bahagi B ng Medicare, o kung magpapatala ka sa loob ng unang tatlong buwan ng iyong unang panahon ng pagpapatala, magsisimula ang iyong saklaw sa buwan kung kailan ka unang naging kwalipikado. Kung magpapatala ka sa loob ng huling apat na buwan, magsisimula ang iyong saklaw isa hanggang tatlong buwan pagkatapos mong magpatala.

Ipinapakita ng sumusunod na chart kung kailan magkakaroon ng bisa ang iyong Bahagi B ng Medicare:

| Kung magpapatala sa buwang ito ng iyong unang panahon ng pagpapatala | Magsisimula ang saklaw ng iyong Bahagi B ng Medicare |
|---|---|
| Isa hanggang tatlong buwan bago mo maabot ang edad na 65 | Ang buwan kung kailan mo naabot ang edad na 65 |
| Ang buwan kung kailan mo naabot ang edad na 65 | Isang buwan pagkatapos ng buwan kung kailan mo naabot ang edad na 65 |
| Isang buwan pagkatapos mong maabot ang edad na 65 | Dalawang buwan pagkatapos ng buwan ng pagpapatala |
| Dalawa o tatlong buwan pagkatapos mong maabot ang edad na 65 | Tatlong buwan pagkatapos ng buwan ng pagpapatala |

### Karaniwang panahon ng pagpapatala para sa Bahagi B

Kung hindi ka magpapatala sa Bahagi B ng Medicare sa loob ng iyong unang panahon ng pagpapatala, magkakaroon ka ng isa pang tsansa kada taon na mag-sign up sa loob ng isang "karaniwang panahon ng pagpapatala" mula Enero 1 hanggang Marso 31. Magsisimula ang iyong saklaw sa Hulyo 1 ng taon kung kailan ka magpapatala. **Gayunpaman, maaaring kailanganin mong magbayad ng multa sa nahuling pagpapatala hangga't mayroon kang saklaw ng Bahagi B. Ang iyong buwanang premium ay tataas nang 10 porsyento para sa bawat 12-buwang panahon na kwalipikado ka para sa Bahagi B, ngunit hindi ka nag-sign up**.

### Espesyal na panahon ng pagpapatala para sa mga taong aalis sa Bahagi C

Kung nasa Bahagi C ng Medicare (plano ng Medicare Advantage) ka, maaari kang umalis sa planong iyon at lumipat sa orihinal na Medicare mula Enero 1 hanggang Pebrero 14. Kung gagamitin mo ang opsyong ito, mayroon kang palugit hanggang Pebrero 14 upang sumali sa isang Bahagi D ng Medicare (plano sa inireresetang gamot ng Medicare). Magsisimula ang iyong saklaw sa unang araw ng buwan pagkatapos makuha ng plano ang iyong form ng pagpapatala.

### Espesyal na panahon ng pagpapatala para sa mga taong saklaw ng panggrupong planong pangkalusugan ng employer

Kung ang edad mo ay 65 pataas at saklaw ka ng isang panggrupong planong pangkalusugan, na mula sa **kasalukuyang trabaho** mo o ng iyong asawa, maaaring mayroon kang "espesyal na panahon ng pagpapatala" kung kailan ka makakapag-sign up para sa Bahagi B ng Medicare. Ibig sabihin, maaari mong ipagpaliban ang pagpapatala sa Bahagi B ng Medicare nang hindi kinakailangang maghintay para sa isang karaniwang panahon ng pagpapatala at magbayad ng multa para sa nahuling pagpapatala. May mga limitasyon, kung kaya't lubos ka naming pinapayuhan na makipag-ugnayan sa Centers for Medicare & Medicaid Services (CMS) para sa karagdagang impormasyon. Ang impormasyon sa

pakikipag-ugnayan ng CMS ay nasa pahina 1 ng libretong ito. Pinapayagan ka ng mga regulasyon na:

- Magpatala sa Bahagi B ng Medicare kahit kailan habang mayroon kang panggrupong planong pangkalusugan na batay sa kasalukuyang trabaho; o
- Magpatala sa Bahagi B ng Medicare sa loob ng walong buwang palugit na nagsisimula sa buwan pagkatapos ng pagwawakas ng pagtatrabaho o ng panggrupong saklaw sa kalusugan, alinman ang mauna.

Hindi ka maaaring magpatala gamit ang isang espesyal na panahon ng pagpapatala kung magwawakas ang iyong pagtatrabaho o ang saklaw ng panggrupong planong pangkalusugan na mula sa employer sa loob ng iyong unang panahon ng pagpapatala.

Kapag nagpatala ka sa Bahagi B ng Medicare habang nasa panggrupong planong pangkalusugan ka pa, o sa loob ng unang buong buwan na wala ka na sa plano, magsisimula ang iyong saklaw:

- Sa unang araw ng buwan kung kailan ka nagpatala; o
- Ayon sa iyong pagpapasya, sa unang araw ng alinman sa susunod na tatlong buwan.

Kung magpapatala ka sa loob ng alinman sa natitirang pitong buwan ng “espesyal na panahon ng pagpapatala,” magsisimula ang iyong saklaw ng Bahagi B ng Medicare sa unang araw ng susunod na buwan.

Kung hindi ka magpapatala sa katapusan ng walong buwang palugit, kakailanganin mong maghintay hanggang sa susunod na karaniwang panahon ng pagpapatala, na magsisimula sa Enero 1 ng susunod na taon. Maaaring kailanganin mo ring magbayad ng multa sa nahuling pagpapatala hangga’t mayroon kang saklaw ng Bahagi B, gaya ng inilarawan kanina.

Kung nakakakuha ka ng mga benepisyo sa kapansanan mula sa Social Security at mayroon kang saklaw sa ilalim ng isang malaking panggrupong planong pangkalusugan mula sa kasalukuyan mong trabaho o ng isang kapamilya, maaari ka ring magkaroon ng espesyal na panahon ng pagpapatala. Kung gayon, mayroon kang mga karapatan sa premium na katulad ng mga karapatan para sa mga kasalukuyang empleyado na may edad na 65 pataas. Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa Centers for Medicare & Medicaid Services.

***TANDAAN:*** *Ang COBRA at ang saklaw sa kalusugan ng retirado ay hindi itinuturing na saklaw ng kasalukuyang employer.*

## Mga opsyon para sa pagtanggap ng mga serbisyong pangkalusugan

Ang mga benepisyaryo ng Medicare ay may mga opsyon para sa pagtanggap ng mga serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan.

Maaari kang makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa iyong mga opsyon sa pangangalagang pangkalusugan mula sa mga sumusunod na lathalain:

- *Medicare & You* (Publication No. CMS-10050) — ipapadala ng CMS ang gabay na ito sa mga tao pagkatapos nilang magpatala sa Medicare at padadalhan sila ng na-update na bersyon kada taon pagkatapos.
- *Pagpili ng Medigap Policy: Isang Gabay sa Insurance sa Kalusugan para sa Mga Taong May Medicare* (Publication No. CMS-02110) — Inilalarawan ng gabay na ito kung paano dumaragdag ang iba pang plano ng insurance sa kalusugan sa Medicare at nagbibigay ng mga tip sa pamimili para sa mga taong tumitingin sa mga planong iyon.

Upang makakuha ng kopya ng mga lathalaing ito, pumunta sa ***www.Medicare.gov/publications***, o tumawag sa toll-free na numero, **1-800-MEDICARE** (**1-800-633-4227**). Kung ikaw ay bingi o may problema sa pandinig, tumawag sa TTY **1-877-486-2048**.

## Kung mayroon kang iba pang insurance sa kalusugan

Libre ang Bahagi A ng Medicare (insurance sa ospital) para sa halos lahat. Kailangan mong magbayad ng buwanang premium para sa Bahagi B ng Medicare (medikal na insurance). Kung mayroon ka nang iba pang insurance sa kalusugan kapag naging kwalipikado ka para sa Medicare, sulit ba ang ibabayad na buwanang premium upang mag-sign up para sa Bahagi B?

Mag-iiba ang sagot para sa bawat tao at uri ng insurance sa kalusugan na mayroon ka. Bagama't hindi ka namin mabibigyan ng mga sagot na "oo" o "hindi", makakapagbigay kami ng impormasyong makakatulong sa iyo na magpasya. Masasabi rin namin kung papatawan ka ng multa sa nahuling pagpapatala kung ipagpapaliban mo ang pag-sign up.

### Kung mayroon kang pribadong plano ng insurance

Makipag-ugnayan sa iyong ahente ng insurance upang makita kung paano tutugma ang iyong probadong plano sa Bahagi B ng Medicare. Napakahalaga nito kung mayroon kang mga kapamilya na may saklaw sa parehong policy. At tandaan, gaya ng Medicare, hindi rin saklaw ng karamihan ng pribadong plano ang lahat ng serbisyong pangkalusugan. Sa pagpaplano ng saklaw ng iyong insurance sa kalusugan, tandaan na ang karamihan ng pangangalaga sa nursing home ay hindi saklaw ng Medicare o ng mga pribadong insurance policy sa kalusugan. Isang mahalagang babala: Para sa sarili mong proteksyon, **huwag kanselahin ang anumang insurance sa kalusugan na mayroon ka ngayon hanggang sa magsimula ang iyong saklaw ng Medicare.**

### Kung mayroon kang insurance mula sa isang panggrupong planong pangkalusugan na mula sa employer

Ayon sa batas, ang mga panggrupong planong pangkalusugan ng mga employer na may 20 o higit pang empleyado ay inaatasang ialok sa mga kasalukuyang empleyado at sa kanilang mga asawa na may edad na 65 (o mas matanda) ang mga benepisyong pangkalusugan na iniaalok sa mga mas batang empleyado.

Kung nagtatrabaho ka pa rin o ang iyong asawa, at saklaw ng isang panggrupong planong pangkalusugan na mula sa employer, makipag-ugnayan sa personnel office bago mag-sign up para sa Bahagi B ng Medicare.

### Kung mayroon kang Health Savings Account (HSA)

Kung mayroon kang HSA at nag-sign up ka para sa Medicare, hindi ka makakapagbigay ng kontribusyon sa iyong HSA kapag nagsimula na ang iyong saklaw ng Medicare. Kung magbibigay ka ng kontribusyon sa iyong HSA pagkatapos magsimula ng iyong saklaw ng Medicare, maaaring kailanganin mong magbayad ng multang buwis. Kung gusto mong patuloy na magbigay ng kontribusyon sa iyong HSA, hindi ka dapat mag-apply para sa mga benepisyo ng Medicare, Social Security, o Railroad Retirement Board (RRB).

***TANDAAN:*** *Ang saklaw ng Bahagi A na walang premium ay magsisimula anim na buwan bago ang petsa kung kailan ka mag-a-apply para sa Medicare (o mga benepisyo ng Social Security/RRB), ngunit hindi mauuna sa unang buwan kung kailan ka naging kwalipikado para sa Medicare. Upang maiwasan ang multang buwis, dapat mong ihinto ang pagbibigay ng kontribusyon sa iyong HSA nang hindi bababa sa anim na buwan bago ka mag-apply para sa Medicare.*

### Kung mayroon kang proteksyon sa pangangalagang pangkalusugan mula sa iba pang plano

Kung mayroon kang TRICARE (insurance para sa mga kasalukuyang nagsisilbi, retiradong militar, at kanilang mga pamilya), maaaring magbago o magwakas ang iyong mga benepisyo sa kalusugan kapag naging kwalipikado ka para sa Medicare. Nalalapat ito

para sa anumang dahilan, anuman ang edad o lugar na tinitirhan. Kung retirado ka na sa militar o kung kapamilya ka ng isang retiradong militar, dapat kang magpatala sa Bahagi A at bahagi B kapag naging kwalipikado kang panatilihin ang saklaw ngTRICARE sa unang pagkakataon. Maaari kang makahanap ng tagapayo sa mga benepisyong pangkalusugan ng militar sa ***https://milconnect.dmdc.osd.mil/milconnect***, o tumawag sa Defense Manpower Data Center, nang toll-free sa **1-800-538-9552** (TTY **1-866-363-2883**) bago ka magpasya kung mag-e-enroll ka sa medikal na insurance ng Medicare (Bahagi B) o hindi.

Kung mayroon kang proteksyon sa pangangalagang pangkalusugan mula sa Indian Health Service, Department of Veterans Affairs, o isang programa ng tulong medikal ng estado, makipag-ugnayan sa mga tanggapang iyon upang tulungan kang magpasya kung pabor sayo ang pagkakaroon ng Bahagi B ng Medicare.

***MAHALAGA:*** *Kung mayroon kang saklaw ng VA at hindi ka magpapatala sa Bahagi B sa unang pagkakataon na maging kwalipikado ka, maaaring kailanganin mong magbayad ng multa sa nahuling pagpapatala hangga't mayroon kang saklaw ng Bahagi B. Dagdag pa rito, maaaring kailanganin mong maghintay bago magpatala, na makakaantala sa saklaw na ito.*

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano gumagana ang iba pang plano ng insurance sa kalusugan kasama ng Medicare, pumunta sa ***www.Medicare.gov/publications*** upang tingnan ang libretong *Medicare at Iba Pang Benepisyong Pangkalusugan: Iyong Gabay sa Kung Sino ang Unang Magbabayad* (Publication No. CMS-02179), o tumawag sa toll-free na numero ng Medicare, **1-800-MEDICARE** (**1-800-633-4227**). Kung ikaw ay bingi o may problema sa pandinig, tumawag sa TTY **1-877-486-2048**.

## Pakikipag-ugnayan sa Social Security

May iba't ibang paraan para makipag-ugnayan sa Social Security, kabilang na ang online, sa pamamagitan ng telepono, at nang personal. Naririto kami para sagutin ang inyong mga katanungan at upang mapaglingkuran kayo. Higit na sa 80 taon, ang Social Security ay nakatulong na mapanatag ang kabuhayan ngayon at para sa kinabukasan sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga benepisyo at pinansiyal na proteksyon para sa milyon-milyong mga katao para sa kanilang pamumuhay.

### Bumisita sa aming website

Ang pinakamadaling paraan na makipag-ugnayan sa Social Security mula saanmang lugar kahit kailan, ay bumisita sa ***www.socialsecurity.gov***. Doon, maaari kayong:

- Lumikha ng isang *my* Social Security account para mabalikan ang inyong *Social Security Statement*, patotohanan ang inyong mga kinita, mag-print ng isang benefit verification lettert (liham ng pagpapatotoo ng benepisyo), baguhin ang inyong impormasyon para sa direktang pagde-deposito, humiling ng isang pamalit na Medicare card, kumuha ng kapalit na SSA-1099/1042S, at marami pang iba;
- Mag-apply para sa Extra Help (Karagdagang Tulong) gamit ang mga gastusin sa plano ng Medicare para sa inireresetang gamot;
- Mag-apply para sa retirement, kapansanan at mga benepisyo sa Medicare;
- Maghanap ng mga kopya ng aming mga inilathala;
- Makuha ang mga sagot sa mga madalas a katanungan; at
- Marami pang iba!

Ang ilang sa mga serbisyong ito ay makukuha lang sa wikang Ingles. Bumisita sa aming Multilanguage Gateway para sa impormasyon sa wikang Tagalog. Kami ay nagkakaloob ng libreng serbisyo ng interpreter para tulungan

kayo sa pagsasagawa ng inyong dapat gawin sa Social Security. Ang mga serbisyo ng interpreter ay handang magamit kung kayo ay makikipag-usap sa amin sa telepono o sa tanggapan ng Social Security.

### Tumawag sa amin

Kung wala kayong access sa internet, kami ay naghahandog ng maraming mga automated na serbisyo sa pamamagitan ng telepono, 24 oras, 7 araw sa isang linggo. Tumawag sa amin sa walang bayad na toll sa **1-800-772-1213** o sa aming TTY na numero, **1-800-325-0778**, kung kayo ay hindi nakakarinig o nahihirapan makarinig.

Kung kailangan ninyong makipag-usap sa isang tao, masasagot namin ang inyong mga tawag mula 7 a.m. hanggang 7 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Humihingi kami ng kaunting pasensya sa mga panahon na napakaraming ginagawa dahil maaari kayong makaranas ng higit sa karaniwang dalas na pagka-busy ng telepono at mas matatagal na panahon ng paghihintay sa tawag para makausap kami. Inaasahan namin na makapaglingkod sa inyo.

Securing today
and tomorrow

**Social Security Administration**
Publication No. 05-10043-TL | March 2018
Medicare
Medicare (Tagalog)
Produced and published at U.S. taxpayer expense
Ang nagbabayad ng buwis sa U.S. ang nagbayad para sa paglikha at paglathala nito